# ANG TEKNOLOHIYA: KAAWAY O KAAGAPAY?

*by:*
**Viola T. De Guzman**
*Pablo Roman National High School*

Sa makabagong panahon, ang teknolohiya ay naging bahagi na sa pinakamahalagang bagay para sa ating pang araw-araw na buhay. Ito ang naghahatid ng mga kaalaman at aliw na nagbubunga ng maraming pagbabago at benepisyo sa ating lipunan at pamumuhay. Habang lumilipas ang panahon, naging malaki ang papel ng teknolohiya sa ating buhay. Ngunit sa kabila ng mga tulong at pagbabago na inihandog ng teknolohiya, ano nga ba ito sa ating buhay at kinabukasan? Tunay na Kaagapay, o Isang Kaaway?

Teknolohiya bilang Kaagapay:

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Maipapakita na ang teknolohiya ang kakampi't kaagapay ng isang tao sa buhay upang mapadali ang pamumuhay nito at makaranas ng libang at ginahawa.

Edukasyon- Ang teknolohiya ang nagsisilbing instrument upang magkaroon ng malawakang access ang bawat indibidwal sa internet. Sa tulong ng internet, computers, laptop, phones, ito ang ginagamit upang makapagsaliksik ng mga impormasyon at iba pang materyales sa edukasyon. Sa isang pindot mo lamang ay lalabas na ang mga kahulugan at iba pang impormasyon na nais mong malaman imbis na halungkatin pa ito sa mga libro. Isa pa, maari ding gamitin ang internet upang isagawa ang online learning kung saan maaring magturo virtually.

Komunikasyon – Sa tulong ng teknolohiya napapadali ang pagpapadala ng mga mensahe, larawan o bidyo sa tulong internet partikular sa tulong ng mga social media platform tulad ng Messenger at Facebook, Instagram at Twitter. Kahit na nasa malayo

ang nais mong padalhan ay maari mo lamang gamitin ang ibang applications upang magkausap kayo. Isang hamon lamang dito ay ang pagkakaroon ng agwat sa dalawa o higit na tao kung ang isa ay hindi marunong gumamit ng internet o kaya ay mahina ang internet na pumipigil na mas mapabilis ang pagpapadala ng mensahe.

Ekonomiya- Ang teknolohiya ang naghahatid ng mga makabagong oportunidad upang magsimula ng mga negosyo. Sa tulong nito, maari mong hikayatin ang iba na suportahan ang iyong negosyo kaya't mas napapadali ang paglago nito. Nahihikayat mo rin ang iba na magsimula rin ng sarili nilang negosyo at kumita.

Kalusugan- Ang kahalagan ng teknolohiya dito ay mas napapalawak at napapaunlad ang modernong pangangalagang kalusugan. Nagkakaroon ng mas mabilis na access sa impormasyon ng pasyente na siyang dahilan ng pag-iwas sa mga Medical Errors. Sunod ay ang mga advanced na makinarya at ibang medikal na gadget at device ay tumutulong upang matulungan ang pasyente at doctor na mas mabilis at mabisa na mapagaling ang pasyente.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Teknolohiya bilang Kalaban:

Sa kabilang dako, may dala-dala paring panganib at banta ang teknolohiya sa buhay at lipunan na siyang nagiging dahilan upang ito ay maging kalaban.

Kalikasan – Sa kabila ng mabisang pagtulong ng teknolohiya, higit din nitong naaapektuhan ang kalikasan. Hindi man direktang naglalabas ng mapanganib na bagay ang mga laptops o phones na ginagamit natin ngunit ang enerhiya na ginagamit nito ay nagsasanhi nito. Nagkakaroon ito ng mga electronical waste at gumagamit ng mga non-renewable na mga enerhiya na hindi maganda para sa ating kalikasan.

Komunikasyon sa Social Media- Dahil nakakatulong ang teknolohiya upang magkaroon ng koneksyon sa ibang mga tao kahit na malalayo. Mabisa at mabilis rin ang pagkalat ng

impormasyon sa tulong ng mga social media platform, napapakalat na din sa internet ang mga maling impormasyon o hindi totoo dahil sa sari-saring impormasyon sa internet.

Kalusugan- Ang labis na paggamit ng teknolohiya ay maaring makaapekto sa panlabas o panloob na kalusugan. Maaring makaranas ng cyberbullying ang isang indibidwal gamit lamang internet na maaring maging dahilan ng anxiety o depression ng isang tao. Maari ding sa labis na pagkalulong dito ay napapabayaan na ang sarili na maaring magdulot ng problema sa kalusugan at pamumuhay ng tao.

Trabaho- Mayroon ding artificial intelligent (AI) ang naisagawa ng teknolohiya kung saan ito na mismo ang maari nating pagkuhanan ng impormasyon. O kaya'y ito na mismo ang gumagawa ng mga karaniwang ginagawa ng tao. Dahil dito mas napapababa ang paghahanap pa ng mga tao para sa trabaho, at marami ang nawawalan ng trabaho na nakaaapekto sa ekonomiya at pamumuhay.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Ang teknolohiya ay lubha na nakamamangha sa angkin nitong galing at tulong upang mapadali ang ating pamumuhay. Siya ang nagiging kasapi, kaagapay natin sa pang araw-araw. Ito ang instrumento ng pag-asa. Ang lubhang mapang abusing indibidwal at maling paggamit sa teknolohiya ang siyang nagpapasiklab sa isipan ng bawat isa na ito ay kalaban sapagkat nailikha ang teknolohiya na siyang may layunin na mas mapabuti at mapaunlad ang mundo na ating ginagalawan. Tunay nga na ang teknolohiya ang kaagapay natin ngayon at sa ating kinabukasan, tamang paggamit lamang ang kailangan.

*References:*

https://altheapedroeleonormarapaollorente.wordpress.com/?fbclid=IwAR1ckl6FzvPp6T0Ifl4BOAfW77XeZvaQQ-0WXIgvUQFvf-1ud9_KW1tfZAM#:~:text=Malaki%20ang%20epekto%20ng%20teknolohiya,mga%20mensahi%20ng%20bawat%20isa

https://maverickdelrosarioblog.wordpress.com/?fbclid=IwAR3AJ6zwE7kpp5Q7hMPKSZ14PVNX32jjenQRYbA9VhK_wBq0Di1HdTycAzg#:~:text=Dito%20ay%20pwedeng%2Dpwede%20kang,naidulot%20sa%20atin%20ng%20teknolohiya

https://altheapedroeleonormarapaollorente.wordpress.com/?fbclid=IwAR2bBH9wIz4QmMT4jn_5N1IAII8j5FTO4raLyUUu6zMxmBdMvM6mD4KLOSA#:~:text=Malaki%20ang%20epekto%20ng%20teknolohiya,mga%20mensahi%20ng%20bawat%20isa

https://techacute.com/technology-helps-save-money/

https://idealmedhealth.com/tl/kahalagahan-ng-teknolohiya-sa-pangangalagang-pangkalusugan/?fbclid=IwAR3Cp7IJXzNaIZPcRyz8Bjod_stuQnbsoLSuKuuR0Y2WKLKIeOvAQeycJAM

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan